# Paano Nagtatrabaho ang ROV: Paano Ina-update ng ROV ang mga record ng botante?

Magsimula tayo sa kung sino ang pinapayagang bumoto. Upang magparehistro para makaboto sa California, kayo ay dapat maging:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos
- Isang residente sa California
- 18 taong gulang o mas matanda
- Hindi kasalukuyang nasa bilangguan o parolado para sa isang kumbiksyon na peloni
- Hindi napatunayan ng isang aksyon ng korte na walang kakayahang mag-isip

Ngayon ang mga 16 at 17 taong gulang ay maaari ng maagang-magparehistro para makaboto kung nakamit ang lahat ng iba pang mga kwalipikasyon sa pagiging karapat-dapat. Ang iyong mga maagang-nagparehistro ay awtomatikong nakarehistro para makaboto sa kanilang ika-18 kaarawan.

Ang mga botante ay palaging lumilipat, pinapalitan ang kanilang preperensyang partido at pinapalitan ang kanilang mga pangalan. Nagpupursigi kami upang panatilihing tama at up to date hangga't maari ang listahan ng mga nakarehistrong botante batay sa natanggap na impormasyon. Malaking trabaho ito. Mayroong mahigit 1.8 milyong nakarehistrong botante sa County ng San Diego.

Ang listahan ng rehistrasyon ay maingat na dinisenyo at pinapanatili para:

- Ang bawat karapat-dapat na nakarehistrong botante ay maaaring bumoto
- Ang mga pagbabago sa mga adres, preperensyang partido at pangalan ng mga botante ay up to date.
- Walang boboto nang dalawang beses

Upang masigurong ang mga record ng botante ay ang pinakabago, kami ay gumagawa ng mga maintenance na aktibidad sa file kada araw, linggo at buwan.

Ang Tagapagrehistro ay:

- Ina-update ang mga roll gaya ng ini-require ng batas ng estado at pederal
- Sinisiyasat ang impormasyon sa rehistrasyon gamit ang data mula sa ibang ahensya ng gobyerno
- Ina-update ang mga pagbabago sa rehistrasyon na natanggap mula sa mga botante
- Kinakansela ang rehistrasyon kung ang mga opisyal na record o notipikasyon ng pamilya ay ipinapakita na ang botante ay pumanaw na
- Kinakansela ang rehistrasyon kung ang data mula sa sistema ng korte ay ipinapakitang mayroong peloni o kanselasyon na inutos ng korte

## Pagpapalit ng Adres

- United States Postal Service's National Change of Address (NCOA) database, tinatanggap at pinoproseso kada buwan
- California Department of Motor Vehicles Change of Address (DMVCOA) database, tinatanggap at pinoproseso kada araw

- Pambuong-estadong rehistrasyon ng botante na sistema ng California kapag ang mga botante ay muling-magparehistro sa ibang county sa loob ng estado.
- Mga lokal na opisina ng eleksyon sa buong bansa kapag nilista ng mga botante ang County ng San Diego bilang kanilang dating nakarehistrong lokasyon
- Pambuong-estadong mga pag-tsek sa duplicate na rehistrasyon ng botante ng Secretary of State ng California, tinatanggap at pinoproseso kada araw
- Ibinalik na koreo mula sa United States Postal Service: Kapag ang mga opisyal na balotang pangkoreo, mga patnubay para sa impormasyon ng botante at iba pang sulat ng ROV ay ibinalik bilang undeliverable, ina-update namin ang adres ng botante kung mayroong bago na ibinigay

## Mga Pumanaw na Botante

Sinisiyasat namin ang impormasyon kasama ang California Secretary of State, San Diego Superior Court Jury Administration, at ng County Health and Human Services Agency.

## Mga Felon (Nasa Bilangguan) /Parolado

Ang San Diego Superior Court at Secretary of State ay pinapaalam sa amin ang tungkol sa mga taong parolado o nasa bilangguan para sa mga kumbiksyon na peloni.

# Citizenship

Ang Jury Administration Department ng San Diego County Superior Court ay pinapaalam sa amin ang mga non-citizenship claim na natanggap sa mga paunawa ng jury summons.

## Walang Kakayahang Mag-isip

Ang San Diego Superior Court Probate Division ay pinapaalam sa amin kung mayroong aksyon ng korte na dineklara ang isang tao na walang kakayahang mag-isip.

## Maging maagap!

I-update ang inyong rehistrasyon kung kayo ay lumipat, nagpalit ng inyong pangalan o nagpalit ng inyong preperensyang pampulitikang partido. **I-tsek ang inyong impormasyon ng botante ngayon!**

Para sa karagdagang impormasyon sa inyong impormasyon ng botante na data, tingnan ang **Paano Nagtatrabaho ang ROV: Saan napupunta ang aking rehistrasyon ng botante na impormasyon? »**